

1

Nagulat pa si Audrey nang tingnan niya ang wristwatch at ma-realize na malapit na palang mag-alas-doce ng tanghali. Hindi man lang siya nagugutom o napapagod kahit na halos maglilimang oras na pala siyang nagmamaneho. Kung may nararamdaman man siya, iyon ay sakit ng ulo. Hangover pa iyon mula sa marami niyang nainom na tequila sa dinaluhan na party nang nakaraang gabi.

Mula Manila ay papunta siya sa Vigan kung saan naninirahan na ngayon ang kanyang matalik na kaibigan, si Doreen. Doon dinestino ng kompanyang pinaglilingkuran ang asawa nito. Siya mismo ang nagmamaneho because she liked travelling on her own. Enjoy siyang mag-drive kaysa maging pasahero ng kahit anong sasakyan.

With one hand on the steering wheel, kinapa ng dalaga at kinuha ang kanyang sunglasses sa bag. Matapos isuot iyon ay pinagmasdan niya ang sarili sa rearview mirror, and without conceit, she was satisfied with what she saw. Maganda pa rin siya, saloob niya. Hindi haggard ang kanyang mukha at walang kahit anong palatandaan na siya ay napuyat.

Aware si Audrey sa kanyang kagandahan. Matangos ang kanyang ilong, mapupungay ang mata at ang kanyang mga pilik-mata ay ubod ng lantik kahit hindi gamitan ng mascara. Maraming kalalakihan ang nabibighani sa kagandahan niyang iyon, that was why she was used to second glances and compliments. Subalit kahit na nga aware siya at nagpapasalamat sa kanyang mga attractive physical assets, mas preferred pa rin niyang hangaan siya ng kahit sino sa kanyang katalinuhan at personalidad.

As for faults, walang pag-aatubiling inaamin niya sa sariling masyadong matigas ang kanyang ulo; independent siya at ma-pride na tao. Wala siyang pinagkaiba sa kanyang Papa, si Amanthe Zarco.

Marami na siyang na-a-acquire na mga kaaway na madalas ay naiinggit lamang sa kanya. Bakit nga hindi? Kaisa-isa siyang anak ng dalawang mag-asawang ubod ng yayaman.

Inaamin din niya that she was spoiled, pampered and indulged by her parents. Kaya natural lang na taglay rin niya ang pagkamainitin ng ulo tulad ng ama kapag hindi nasusunod ang kanyang gusto.

“Ano, pupunta ka ng Vigan? Hanggang kailan?”

iritadong tanong ni Amanthe sa anak.

“Ewan ko, baka tatlong buwan o mahigit,” sagot ni Audrey.

“At paano ang pagdadalubhasa mo sa Amerika?”

“Kayo lang naman ang may kagustuhan noon, hindi ako. Sinabi ko na sa inyong hindi pa ako handa doon.”

“Ganoon? At utang-na-loob ko pa bang dapat tanawin ang pagpayag mong mag-apply doon?”

“Papa, sinunod ko na naman ang gusto ninyo, ang usapan nati’y magbabakasakali lang tayo.”

“Kaso nga, nakapasa ka’t natanggap, sasayangin mo pa? Marami ang umaasam na makapasok doon.”

“Sila iyon, Papa, hindi ako. Hindi pa ngayon.”

“Ano ba talaga ang balak mo at gustong gawin sa buhay mo?”

“Sa ngayon, wala pa. Ang gusto ko lang ay magpahinga muna’t mag-enjoy naman. Ilang taon din naman ang binuno ko sa kolehiyo.”

Iyon ang simula ng tila walang katapusang mainit na pagtatalo nilang mag-ama, naalala ni Audrey. Marami silang nasabi sa isa’t isa na masasakit

na pinagsisisihan niya ngayon.

She loved her father and did not really mean every word she said to him. Nasaktan lang siya nang sabihin nitong wala siyang silbi at habambuhay na magiging palamunin. In retaliation, she told him that she wanted nothing from him but the right to live her own life. Noon din ay nag-impake siya at naglayas, inisip na mamumuhay siyang mag-isa nang hindi humihingi ng kahit katiting na tulong dito.

Lahat ng pagtatangka at pagsusumamo ng kanyang mama ay pinigil ng papa niya. Hayaan daw ang mayabang nilang anak, dahil nasisiguro naman nitong sa oras na mawalan siya ng pera ay babalik siya at magmamakaawang tanggapin ulit sa bahay na iyon.

Masama ang loob at galit siyang umalis ng bahay, pero siyempre, tulad ng dati kapag nagrerebelde sa ama ay nagtawag siya ng barkada. Sa paboritong hang-out, nag-party sila buong magdamag.

Unti-unti, hindi napapansin ni Audrey na dala ng kanyang pagbabalik-tanaw sa alaalang iyon ay napapariin ang tapak niya sa gas pedal. Huli na nang mapansin niya ang sasakyan sa kanyang unahan; masyado na siyang malapit doon.

Bigla niyang kinabig ang manibela upang maiwasang mabangga ito subalit nasanggi pa rin niya iyon, at sa pag-iwas ay derecho siyang bumangga sa isang poste. Saglit siyang natulala sa bilis ng pangyayari.

“Buksan mo ito! Nasaktan ka ba?” sigaw ng isang lalaki na nasa labas, pilit binubuksan ang pinto ng kotse niya.

Napalington dito si Audrey. She was a little shaken, but unhurt. Nanginginig ang mga kamay na binuksan niya ang pinto ng kotse at sinubukang lumabas. Subalit pati kanyang mga tuhod ay nanlalambot pa at nanginginig din.

“Napakabilis kasi ng pagpapatakbo mo. Ano ang akala mo, pag-aari mo itong daan?” sumbat ng lalaki, pinalis ang kamay niyang nakahawak sa kanyang ulo upang tingnan kung may sugat doon.

Normally, hindi papalampasin ng dalaga ang sinabi nito. Ngunit sa pagkakataong iyon ay hilo pa siya at tila wala sa sarili. Matapos masigurong hindi naman siya nasaktan ay inalalayan siya ng lalaki patayo at inupo siya sa back seat ng kotse.

“Diyan ka lang, ikukuha kita ng maiinom para mahimasmasan ka,” sabi nito.

Noon lamang nagkaroon ng pagkakataon si Audrey na pagmasdan ang lalaking sumaklolo sa kanya habang papunta ito sa sariling sasakyan na isang maliit na pick-up truck. Matangkad ito, mga five-eight o five-nine ang height, matipuno ang pangangatawan at sa porma lamang ay halata nang malakas.

Saglit lang naman at muli itong nagbalik, may dala nang isang baso na may lamang malamig na tubig. “O, inumin mo ito, titingnan ko lang kung gaano kagrabe ang sira ng kotse mo,” anito.

“Salamat,” aniya.

“Huwag kang magpasalamat. Sigurado akong hindi ka lang magbabayad nang malaki sa pagpapagawa nitong kotse mo’t likuran ng sasakyan ko, baka makumpiska pa iyang lisensya mo.”

Sa tinig pa lamang ay halata nang nagpipigil ito ng galit. Hindi niya ito masisi dahil kasalanan talaga niya ang nangyari.

Tila naman nahimasmasan ang dalaga pagkatapos makainom ng tubig kaya tumayo na siya upang tingnan ang mga sasakyan nila.

Una niyang nilapitan ang pick-up, ngunit hindi nagkaroon ng pagkakataong makita ang damage

niyon dahil ang unang pumukaw sa kanyang attention ay ang batang babae nakasakay roon.

Lumabas kaagad ang bata mula sa sasakyan, “Nasaktan po ba kayo?” salubong na tanong nito sa kanya.

Umiling siya at ngumiti, hindi mapigilan ang pagkagiliw rito. Maganda ito, at dama niya na talagang sincere ito sa pag-aalala sa kanyang kalagayan. “Ikaw, nasaktan ba?” tanong niya.

“Hindi din po. Gusto pa ninyo ng inumin?”

“Hindi na, salamat.”

“Mara, natawagan mo na ba ang Tito Gaston mo?” tawag ng lalaki habang inuusisa ang sasakyan ni Audrey.

“Opo, Daddy, papunta na siya dito,” sagot ng bata.

“Sige na, bumalik ka na sa sasakyan natin at doon mo ako hintayin,” sabi ng lalaki habang palapit sa anak.

“Ano po ang pangalan ninyo?” baling ng bata sa kanya.

“Audrey, Audrey Zarco,” nakangiting sagot niya.

“Ako po’y Mara Montero, ten years old, at siya naman ang daddy ko, si Jack Montero.”

“Mara....”

“Nagpapakilala lang naman po ako sa kanya, Daddy,” katuwiran ng bata.

“At ngayong nagawa mo na iyon, bumalik ka na sa sasakyan. Mag-uusap pa kami, okay?”

Tumango si Mara, at matapos pagmasdan ulit at ngitian si Audrey ay sinunod na nito ang ama at sumakay sa pick-up truck nila.

“Mr. Montero, alam kong mahirap para sa iyo ngayon ang tanggapin ang apology ko, but I’m truly sorry for my carelessness,” nahihiyang sabi niya. Ngumiti siya nang ubod-tamis at nagpaka-charming para maalis ang galit nito sa kanya. Her beauty never failed her, lalo na sa ganoong sitwasyon na madalas niyang kasangkutan. May asawa man o wala ang mga lalaki ay siguradong nakukuha niya sa diplomasya at pagpapa-charming.

Subalit tila walang epekto kay Jack Montero ang mala-diyosang kagandahan ng dalaga.

“At least, inaamin mong pabaya ka. Mabuti na lang at hindi naging grabe ang dinulot ng kapabayaang

mo,” anito na nakasimangot.

“Handa naman akong bayaran ano man ang magiging halaga ng pagpapagawa sa damage ng sasakyan mo.”

“Huwag mong intindihin iyon, gasgas lang naman. Mas grabe ang sira ng kotse mo. Pero huwag kang mag-alala, nadinig mo naman siguro ang sabi ni Mara kanina; parating na dito si Gaston.”

“Sino iyon?” nag-aalalang tanong niya dahil baka pulis ang tinutukoy nito.

“Mekaniko iyon, mahusay at may talyer siya malapit dito. Kilala ko siya kaya huwag kang mag-alala, hindi ka niya gugulangan at lolokohin sa presyo. Hihilahin na lang iyang sasakyan mo papunta sa shop nila.”

Napangiti siyang muli. Tumalab din pala ang pagpapa-charming niya. “Salamat ulit, at—”

“Tama na ang paghingi ng paumanhin, aalis na kami. Si Gaston na lang ang bahala sa iyo.”

Napakunot-noo siya sa pag-aalala. “Iwan ninyo ako ditong mag-isa?”

“Alangan namang bantayan ka pa namin,” sarkastikong sabi nito.

Talagang may pagkasuplado ang Jack na 'to! saloob niya. Kung hindi lamang siya ang may kasalanan sa aksidenteng iyon ay kanina pa niya ito tinarayan. "Iniisip ko kasing hindi ko pa kilala ang Gaston na iyon kaya baka puwedeng hintayin na ninyo siyang dumating upang maipakilala mo kami sa isa't isa," sabi na lamang niya.

"Hindi na kailangan. Madali mo namang makikilala si Gaston; kasing-liit mo lang siya't nakauniporme siya ng pangmekaniko."

Gusto nang kumawala ang pinipigil niyang inis. Kailangan pa ba nitong ipagdiinan na kumpara sa tangkad nito ay mistulang duwende siya?

Without looking back, Jack walked away at sumakay na ng pick-up truck. Wala na siyang nagawa kundi tingnan ito habang paalis. Mula naman sa passenger seat ay nakita niya ang pagkaway ni Mara sa kanya. Kumaway rin siya rito, saglit na napawi ang pagkainis.

Hindi naman naghintay nang matagal si Audrey; ilang minuto lamang ay dumating na si Gaston. Tama si Jack, saloob niya, maliit na lalaki lamang ang mekaniko at madaling makikilala dahil nakauniporme ito. Sa uniporme ay nakaimprenta roon ang pangalan ng shop nito.

“Gaano katagal sa palagay ninyo bago magawa ang kotse ko, Mang Gaston?” tanong niya matapos nitong masuri ang sasakyan.

“Hindi ko pa tiyak, depende kung makakakuha ako kaagad ng mga kailangan na parts pampalit sa mga nasira. Dalhin muna natin sa shop ko’t nang malaman nating mabuti kung ano’ng mga papalitan.”

Tumango siya. Wala naman siyang choice kundi ang pumayag. Unang-una ay talagang sira ang harapan ng kanyang kotse. Pangalawa, wala naman siyang ibang kakilalang mekaniko sa lugar na iyon.

Malapit lang ang motor shop na pag-aari ni Mang Gaston. Sumama na roon si Audrey dahil wala siyang ibang mapuntahan. Inumpisahan naman kaagad nito ang masusing pagsusuri sa kotse niya.

“Pasado ala una na pala, nagugutom na ako. May restaurant ho ba ditong puwede kong kainan?” tanong niya rito pagkuwan.

“Oo, pero medyo malayo dito. Sumakay ka ng tricycle at sabihin mong dalhin ka sa *Biday’s Restaurant*. Alam na ng driver kung saan iyon.”

“Salamat ho. Babalik din ako kaagad.”

“Sige, pagdating mo dito’y maibibigay ko na sa iyo ang estimate cost ng mga materyales at labor sa paggawa nitong kotse mo.”

Noon lamang naranasan ni Audrey ang makasakay ng tricycle, hindi de-motor kundi de-padyak. Takot na takot siya dahil mabibilis ang mga sasakyan na lumalampas sa kanila at nakakasalubong nila. Makanti lamang nang kaunti ang tricycle ay baka matumba ito.

Nakarating naman sila nang maluwalhati sa restaurant na itinuro ng mekaniko. Medyo malaki iyon kaysa sa ibang mga katabing kainan na turuturo. Kagaya ng sinabi nito, maraming tao sa loob.

Inililibot niya ang paningin at naghahanap ng mauupuan na table nang may tumawag sa kanya.

“Tita Audrey! Tita Audrey!”

Napalingon siya at nakita si Mara. Hindi ito nag-iisa kundi may katabi pang batang lalaki na malaki ang pagkakahawig kay Jack.

“Hi!” bati niya sa bata habang papalapit dito, sabay tingin sa batang lalaking katabi nito at napansin ang naka-cast nitong paa.

“Tita Audrey, siya ang bunso kong kapatid, si

Greggy,” pakilala ni Mara.

“Hello, Greggy, kumusta ka na?” bati niya.

Hindi kumibo ang batang lalaki, halatang nahihiya.

“Ngayon din lang po ba kayo manananghalian, Tita Audrey?” tanong ni Mara.

“Oo, inasikaso ko pa kasi ’yung pagpapagawa sa kotse ko. Babalik pa nga ako roon sa shop pagkatapos kong kumain.”

“Dito na kayo maupo kasama namin. Nasa rest room lang po si Daddy at naghuhugas ng kamay,” aya nito, sabay hila sa katabing upuan para sa kanya.

“Sigurado ka bang papayag siyang makisalo ako sa inyo?”

“Opo, mabait ang daddy namin.”

Mabait ba iyon? Eh, ubod ng suplado, sa loob-loob niya. Pero napilitan na rin siyang maupo dahil wala nang available na table.

Muli niyang napagmasdan si Greggy na kanyang kaharap sa mesa. Nasa bingit na ito ng upuan at dala marahil ng naka-cast na paa ay halatang hirap at hindi komportable.

Lumingon siya sa katabing table at nang makitang wala namang gumagamit sa isang bakanteng silya ay tumayo siya at hiniram iyon. Inilagay at ipinuwesto niya iyon sa tabi ni Greggy.

“Siguro’y mas magiging komportable sa iyo kung ipapatong mo dito ang paa mo, gusto mo?”

Saglit na tumingin ito sa kanya, pagkatapos ay ngumiti at tumango. “Pandak kasi ako,” sabi pa nito.

Napangiti siya at na-amuse sa humor nito. “Hindi ka pandak; maliit ka pa lang dahil bata ka pa,” aniya at kinuha ang kutson sa kabilang upuan. “Ipatong natin ito sa upuan mo para tumaas ka nang kaunti.” Matapos gawin iyon ay, “O, hayan, mas mataas ka na. Mas okay iyan, di ba?” aniya.

Ngumiti ulit si Greggy at tumango, sabay tingin sa kapatid. “Tama ka, Ate, mabait siya,” anito.

“At maganda pa, di ba?” dugtong pa ni Mara.

Natawa na lang si Audrey. Nagtataka siya sa sarili. Dati-rati ay wala siyang pasensya sa kahit sinong bata; bale-wala sa kanya ang mga ito at madalas pa nga siyang mairita tuwing nakakakita ng mga batang ubod ng kukulit. Pero iba ang pakiramdam niya kina Mara at Greggy. Magaan ang kanyang kalooban sa mga ito.

“Excuse me, Miss Zarco,” sabi ng pinakasuwabeng tinig na narinig ng dalaga sa buong buhay niya. Kaagad siyang napaligon, expecting to see a very good-looking man.

Tama siya. Napakaguwapo nga ng lalaking pumukaw sa attention niya at tumawag sa kanyang pangalan, subalit napangiwi siya dahil ang guwapong lalaking iyon ay walang iba kundi si Mr. Sungit.

“Mr. Montero,” aniya.

“Sinusundan mo ba kaming mag-aama?”

Napasimangot siya. “Bakit ko naman gagawin iyon?”

“Ewan ko pero mukhang kahit saan kami magpunta’y para kang kabuteng sumusulpot.”

He was being deliberately rude, saloob niya pero hindi siya papa-intimidate dito. “Believe me, Mr. Montero, kung ako ang masusunod, ni anino mo’y hindi ko na gustong makita.”

Namagitan si Mara sa dalawa. “Huwag kang magalit, Tita Audrey, talagang palabiro lang si Daddy.”

“Siyanga po, mahilig siyang mamikon,” segunda naman ni Greggry na hinatak ang ama sa pantalon. “Maupo ka na, Dad, kasabay nating kakain si Tita

Audrey.”

“Siyanga ba? Sino ang nag-imbita sa kanya, sarili niya?”

“Dad, tama na, baka mapikon si Tita Audrey, sige ka. Kami ni Gregggy ang nag-imbita sa kanyang dito na maupo kasama natin; wala na kasing bakanteng table,” paliwanag ni Mara.

Mabuti pa ang sampung taong gulang, marunong makipagkapwa-tao, inis na naisaloob niya.

“Okay lang sa akin, basta ba siya ang magbabayad ng kakainin niya’t hindi ako,” sabi ni Jack.

“Huwag kang mag-alala, Mr. Montero, kahit na kusang-loob mo’y hindi ako papayag na magpalibre sa iyo.”

“Wala akong balak gawin iyon kahit kailan. Pasalamat ka nga’t hindi ko na pinabayaran sa iyo ang damage ng sasakyan ko.”

“Iyon ba ang pinagpuputok ng butse mo? Babayaran ko, magkano ba?” aniya, hindi na napigilan ang init ng ulo.

“Kayo talagang mayayaman, ang akala ninyo’y matatakpan ng pera ang lahat ng mga pagkakamali ninyo.”

“Aba’t—”

“Daddy, please, tama na! Para naman kayong mga bata na nag-aaway sa harap ng mga tao,” saway ni Mara.

Sumandal na lamang si Jack sa kinauupuan at tumahimik. Gusto namang matawa ni Audrey dahil parang silang mga bata na nakagalitan at sinaway ng isang paslit. Subalit habang nagsisikain sila ay hindi niya maiwasang lihim na obserbahan si Jack. He was not an easy man to ignore, sa isip-isip niya. Kahit na hindi niya ito tingnan, his mere presence made her a little uneasy.

2

Pagbalik ni Audrey sa motor shop matapos makapananghalian, sinabi ni Mang Gaston na magagawa nitong mapaandar ang kotse subalit ang nawasak na exterior niyon ay hindi ganoon kadalang iayos. Aabutin pa raw ito ng isang linggo.

“Hindi na ho bale, sa Vigan ko na lang ipagagawa. Ang mahalaga’y umandar ang kotse’t makaalis na ako dito,” aniya.

“Sige, bumalik ka na lang mamayang alas cinco ng hapon.”

“Ho?” Nadismaya siya. “Hindi ho ba maaaring mas maaga?”

“Kung nandito sana ’yung ibang spare parts pero pinakuha ko pa sa Vigan.”

Napabuntunghininga siya. “May hotel ho ba dito? Pagod na ako’t gusto ko muna sanang magpahinga.”

“Walang hotel pero doon sa restaurant na kinainan mo, sa itaas ay may pinapaupahan na mga kuwarto para sa katulad mong transient visitor.”

“Salamat ho, doon muna ako mananatili

pansamantala. Babalik na lang ho ako mamayang hapon.”

Pagdating sa restaurant ay kaagad namang nakakuha ng kuwartong mauupahan si Audrey. Noon niya naalala si Doreen. Hindi pa pala niya ito natatawagan at naipapaalam na pupunta siya sa bahay nito at magbabakasyon. Balak kasi niya itong sorpresahin.

Hinagilap niya ang cellular phone sa bag para tawagan ang kaibigan ngunit wala roon ang telepono. Noon niya naalala na naiwan nga pala niya ito sa hang-out nilang magkakaibigan. Napilitan siyang bumaba sa restaurant para makitawag doon.

Katulong ang sumagot kina Doreen. Wala raw ang mag-asawa, nasa Baguio at isang linggong mananatili roon.

“What a day! Una’y nabunggo ang kotse ko, ngayon nama’y wala sina Doreen. Saan ako ngayon tutuloy sa Vigan?” daing niya.

Tila ba hindi pa nagkasya ang pagbibiro ng tadhana, pagbalik niya sa shop nang hapong iyon ay ipinaalam sa kanya ni Mang Gaston na hindi nakuha ang lahat ng mga spare parts na kakailanganin upang mapatakbo ang kotse.

“Hindi daw nakarating ’yung tao nilang galing ng Manila. Tulad mo’y nasangkot din sa isang aksidente sa highway kaya nasa ospital sa Bulacan.”

“Paano na ho iyan? Ang ibig ba ninyong sabihi’y bukas pa ako makakaalis dito?” dismayadong tanong niya.

“Sorry, pero ganoon na nga. Kung gusto mo nama’y darating na ’yung last trip ng bus papunta ng Vigan. Sumakay ka na doon para makarating ka sa pupuntahan mo’t bumalik ka na lang dito bukas.”

Matagal pa ang biyahe mula sa lugar na iyon hanggang Vigan at masyado na siyang gagabihin sa daan. “Hindi na ho bale,” pasya niya, “hindi na naman ako nagmamadali. Mag-o-overnight na lang ako sa tinutuluyan ko ngayon.”

Subalit buong magdamag na iyon ay hindi pinatulog si Audrey ng ingay ng jukebox at tawanan ng mga customers sa ibaba ng restaurant. Isama pa ang maingay na tunog ng bentilador na tanging nagsisilbing pampalamig ng silid; hindi rin siya sanay na walang air-con.

Talaga yatang pinaparusahan ako. Wala nang nangyaring tama sa akin sa araw na ito, inis na naisip niya habang pabiling-biling sa higaan. Subalit dala

na rin ng lalim ng gabi at antok, matapos ang halos tatlong oras ng pagtitiis ay nakatulog din ang dalaga sa wakas.

Kinabukasan, maagang nagising si Audrey dala ng labis na init.

“Hay naku! Kailangan ko na talagang makaalis sa lugar na ito. At least sa Vigan, may mga paupahang kuwartong may air-con,” aniya at saka na nagbihis.

May mga customers nang nagsisipag-almusal sa restaurant pagbaba niya. Binilisan niya ang pagkain at pagkatapos ay pumunta na sa shop.

“Nagpasya na ho akong iwan dito ang kotse ko. Gawin na ninyo ang lahat ng dapat gawin, pati ’yung pagpipintura. Babalikan ko na lang pag tapos na,” bilin niya.

“Ang ibig bang sabihi’y tutuloy ka na sa Vigan?” tanong ni Mang Gaston.

“Oho, sasakay na lang ako ng bus. May tarheta naman kayo sa akin kaya tatawagan ko kayo kaagad upang ipaalam kung saan ako nanunuluyan, just in case na may problemang kailangan kong malaman.”

“Okay lang sa akin iyon pero kailangan kong

humingi ng deposito mula sa iyo bilang paniguro na babalikan mo ang kotse mo.”

“Wala hong kaso iyon. Tumatanggap ba kayo ng tseke?”

Napakamot sa ulo si Mang Gaston. “Pasensya ka na, Hija, patakaran ng maybahay ko na cash ang hinging bayad sa mga customers.”

“Nauunawaan ko ho,” sabi niya at kinuha ang wallet sa bag. Naglabas siya ng pera at ibinigay iyon kay Mang Gaston.

Ilang minuto lamang ang lumipas ay sakay na ng bus si Audrey papuntang Vigan. Nagpasya siyang hihintayin na lang ang pagbalik ni Doreen.

Pagdating sa destinasyon ay kaagad siyang naghanap ng mauupahang kuwarto. Ilang beses na siyang nakapunta sa lugar na iyon ngunit tuwing naroroon siya ay hindi niya maiwasang humanga sa kagandahan ng paligid.

Pakiramdam niya ay bumalik siya sa panahon ng mga Kastila dahil ang mga bahay roon na yari sa ladrilyo ay lumang-luma na pero alaga pa rin. Ubod ng linis ang mga daan, at pati mga calesa na gamit

ng karamihan bilang transportation ay mga antique din ang style.

Sa kanyang paglalakad papunta sa bahay na nagpapaupa ng kuwarto sa mga turista, napansin ni Audrey ang isang batang lalaki at babae na nagkakatuwaan sa plaza. Kaagad niyang namukhaan ang mga ito dahil sa batang lalaking may dalang saklay at naka-cast ang paa.

Sina Mara at Gregggy! Ano'ng ginagawa nila dito? aniya sa isip at nagpalinga-linga, hinahanap si Jack. Nasaan kaya ang lalaking iyon? Iniwan na naman ang mga anak niya na walang kasama.

Hindi nakatiis, nilapitan niya ang dalawang bata. Tuwang-tuwa naman ang mga ito nang makita siya. Unang humalik sa kanya si Mara na sinuklian niya. Pati si Gregggy ay naghihintay na halikan niya kaya lumapit siya rito upang gawaran ito ng halik sa pisngi.

“Ang akala nami’y hindi ka na namin ulit makikita. Ang sabi ni Daddy ay umuwi ka na raw siguro sa Manila,” sabi ni Mara.

“Paano naman nalaman ng daddy ninyong taga-Manila ako?” tanong niya.

“Madali daw pong malaman kung ang babae’y taga-roon. Maraming mga kaartehan sa katawan,”

salo ni Greggy.

Kaagad itong pinandilatan ni Mara. “Wala pong masamang ibig sabihin doon si Daddy, Tita Audrey. Masyado lang kasi siyang makaluma,” pagtatanggol nito sa ama.

Nainis na naman siya. *How dare he criticize me in front of his children!* saloob niya. “Ano’ng ginagawa n’yo dito? Namamasyal ba kayo ng daddy at mommy ninyo?” tanong na lamang niya.

“Wala na po kaming mommy; namatay na siya. Nagsimba kami’t hinihintay lang namin si Daddy dahil ibinili niya kami ng pagkain,” sagot ni Greggy.

Saglit siyang natigilan. *Biyudo na pala ang loko kaya ubod ng suplado at sungit.* “Dito pa kayo nagsisimba? Malayo ito sa inyo, di ba?”

“Hindi po, taga-rito kami talaga. Doon lang po kami sa may likod ng munisipyo nakatira. Binisita lamang namin kahapon ang kapatid ni Daddy na madre doon sa lugar na una tayong nagkakilala,” paliwanag ni Mara. “Kumusta na po ang kotse ninyo, nagawa na ba?”

“Hindi pa kaya iniwan ko na muna sa shop. Nagbus ako papunta dito.”

“Sayang po. Kung alam lang namin, di sana isinabay ka na namin kagabi,” sabi ni Greggy.

“Sayang nga,” sabi niya, ngunit saloob ay wala ni katiting na panghihinayang. Wala siyang balak makasama ulit ang aroganteng si Jack Montero.

“Alam po ninyo, Tita Audrey, kahawig ninyo ang mommy namin. Pareho kayong maganda,” saad ni Mara.

Napangiti siya, saglit na nakalimutan ang pagkainis kay Jack. Noon lang niya nalinawan kung bakit kaagad malapit at magiliw ang pakikitungo sa kanya ng dalawang bata; mga ulila na pala ito sa ina.

“May-asawa na po ba kayo, Tita Audrey?” tanong ni Greggy.

“Ako? Wala pa. Bata pa ako, at gusto ko munang magpakasawa sa pagkadalaga ko,” natatawang sagot niya.

“Bakit po, ilang taon na ba kayo?” usisa ni Mara.

“Twenty-one. Kaya puwedeng huwag na ninyo akong popoin pero puwede pa rin ninyo akong tawaging “Tita.””

“Twenty-one? Si Daddy ay thirty. Masyado bang malayo ang agwat ng edad ninyo?”

Napakunot-noo siya sa komento ni Gregggy.
“Siyam na taon, bakit?”

“Wala. Kasi’y parang lagi kayong nag-iinisan. Talo pa ninyo kami ni Ate,” inosenteng sabi nito.

“Gregggy!” saway rito ni Mara.

Natawa siya. Iyon lamang pala ang ibig ipahiwatig ng bata. Akala niya ay gusto nitong siya ang maging kapalit ng mommy nito. Hindi niya kahit kailan pinangarap na makapangasawa at umibig sa katulad ni Jack Montero na ubod na ng suplado ay pintasero pa.

“Magtatagal ka ba dito sa Vigan, Tita Audrey?” tanong ulit ni Gregggy.

“Siguro. Paborito ko’ng lugar na ito at nalilibang ako tuwing naririto.”

“Sana’y magkita tayo ulit.”

“Kung taga-rito kayo’y natitiyak kong mangyayari iyon,” magiliw na sabi niya, sabay bitbit sa kanyang travelling bag na ipinatong niya sa upuan. “O sige, aalis na ako, ha? Dito lang kayo’t hintayin ninyo ang daddy ninyo. Huwag kayong sasama kahit kanino na hindi ninyo kilala,” bilin niya.

“Saan ka pupunta?” tanong ni Mara.

“Doon sa tutuluyan ko pansamantala habang hinihintay ko ang kaibigan kong nagpunta ng Baguio.”

Ang totoo ay ayaw pa sana niyang iwan ang magkapatid hangga’t hindi nagbabalik ang ama nila subalit hindi rin niya gustong abutan doon ng lalaki dahil baka asarin na naman siya nito.

Paalis pa lamang si Audrey nang namataan niya si Jack. Nakatayo ito sa di-kalayuan, hawak ang mga biniling pagkain para sa mga anak na nang mga sandaling iyon ay hindi pa ito napapansin.

He was only staring at her, for how long ay hindi niya tiyak. Palagay niya ay hindi pa gaanong nagtatagal dahil kung sakali ay mararamdaman niya iyon kaagad. Ganoon kalakas ang epekto sa kanya ni Jack. Hindi niya alam kung ano mayroon ito, but he disturbed her emotions.

Minarapat niyang lumapit dito upang magpaliwanag kung bakit siya naroroon at kausap na naman sina Mara at Gregg.

“Hello,” bati niya.

Tumango lamang ito at nanatiling nakatitig nang mabuti sa kanya. Hindi niya mapigilan ang ma-conscious; parang tumatagos sa kaibuturan ng kanyang pagkatao ang titig nito.

“Papunta na sana ako sa uupahan kong bahay pansamantala nang mamataan ko sina Mara at Gregg,” aniya bagaman sa loob ay nagtataka kung bakit kailangan niyang magpaliwanag dito.

“Nasaan ang kotse mo, nagawa na ba?” tanong nito.

“Hindi pa. Tatawagan na lang ako ni Mang Gaston kapag natapos iyon.”

“Ano’ng ibig mong sabihing pansamantalang uupahan na bahay, wala ka bang kakilala dito na matutuluyan mo?”

“Mayroon sana, but my visit here was supposed to be a surprise, kaya walang kaalam-alam ang kaibigan kong darating ako. Ako ang nasorpresa ngayon dahil nasa Baguio pala silang mag-asawa at isang linggo daw doon.”

“Saan ba ang bahay na uupahan mo?”

“Kuwarto lang, actually, hindi buong bahay,” sagot niya, sabay kuha sa bulsa ng papel na sinulatan ng address na pupuntahan. “Hahanapin ko pa nga dahil nirekomenda lang sa akin ng pasaherong nakatabi ko sa bus kanina,” aniya.

Subalit bago pa man niya nabasa ang address

para sa lalaki ay nakuha na nito ang papel at ito mismo ang bumasa. “Alam ko ito. Tena, ihahatid ka na namin doon,” alok nito.

Nabigla si Audrey at hindi kaagad nakapagsalita. Ito ba ang Jack Montero na nakilala niya nang nagdaang araw? Bigla yatang naging mabait.

Palapit na sa kanila sina Mara at Greggy nang tawagin ng ama, at tuwang-tuwa ang mga ito nang malamang ihahatid nila ang dalaga sa tutuluyan niyang bahay. Hindi na siya nakatanggi pa.

Iba na ang dalang sasakyan ni Jack; hindi na ang pick-up truck kundi isang bagong *Honda Civic*.

“Magtabi na kayo sa back seat ni Miss Zarco, Mara. Greggy, dito ka na sa tabi ko. Akin na ’yang saklay mo,” utos nito sa mga anak.

Malapit lamang doon ang lugar na pupuntahan nila dahil sinabi ng nakatabi niyang pasahero ay puwede itong lakarin mula sa istasyon ng bus. Subalit alam din niyang magiging mahirap para kay Greggy ang lumakad nang mahaba kaya hindi na siya kumibo.

“Ang ibig mo bang sabihin, Tita Audrey, mag-isa ka lang titira sa bahay na iyon?” tanong ni Mara.

“Oo.”

“Hindi ka natatakot?”

Napangiti siya. “Bakit naman ako matatakot? Sanay akong mag-isa.”

“Pero nakakalungkot iyon. Mamamasyal ka nang walang kasama, walang kakuwentuhan, at—”

“Mara, sinabi na ni Miss Zarco na sanay siyang mag-isa kaya huwag mo siyang kulitin,” sabat ni Jack.

“Pero, Daddy, di ba ang sabi mo’y delikado para sa isang babae ang nagpupunta kung saan-saan nang mag-isa?” tanong ni Gregggy.

“Nasa sapat nang edad si Miss Zarco at kaya na niyang pangalagaan ang sarili niya,” paliwanag ng ama sa mga bata.

Sa tono pa lamang ng pananalita ng lalaki ay obvious na mabigat pa rin ang dugo nito sa kanya. Audrey felt like he wanted to get rid of her soon.

“Eh, ako, Daddy, kapag malaki na ako’t dalaga na, papayagan mo ba akong mag-isa?” tanong pa ni Mara.

“Malayo pang mangyari iyon; maraming taon pa ang ipaghihintay mo.”

Itinigil na ni Jack ang kotse sa tapat mismo ng

bahay na tutuluyan ng dalaga. Buong akala niya ay pabababain lang siya nito at aalis na silang mag-aama. Subalit nang makalabas siya ng kotse ay pinatay nito ang makina niyon at umibis din bago pa man siya nakapagpasalamat dito.

“Ako na ang magdadala nito para sa iyo,” anito, taking her bag from her.

“Bakit mo ginagawa ito, Mr. Montero?” hindi napigilang tanong niya.

“Ang alin?”

“Alam mo ang ibig kong sabihin. Mahirap ang magpakaplastik lalo na sa taong kinaiinisan mo.”

“I’m merely trying to be hospitable. Bisita ka namin sa bayan na ito.”

Hindi siya nakasagot dahil tinalikuran na siya nito at pumasok na sa bahay, bitbit ang kanyang bag. Ilang minuto lamang ang lumipas ay nakapag-register na siya at handa na sanang bayaran ang pangunang upa, subalit hindi niya makita ang kanyang wallet sa bag.

“Bakit?” tanong ni Jack nang mapansing biglang nagbago ang expression ng mukha ng dalaga.

“Ang wallet ko, nawawala,” kabadong sagot niya.

“Napakalaki naman kasi ng bag mo. Hanapin mong mabuti’t baka nasa ilalim lang.”

Ibinuhos na niyang lahat sa mesa ang laman ng bag ngunit talagang wala ang hinahanap na wallet. Nag-isip siya sandali. “Alam ko na! Bumili nga pala ako ng diyaryo sa pumanhik na batang lalaki kanina sa bus. Hindi ko na naibalik ang wallet ko sa bag at inipit ko na lang sa gilid ng upuan,” aniya.

Hinimas ng lalaki ang buhok at napabuntunghininga. “Halika, bumalik tayo sa bus station at baka nakita ng konduktor ang wallet mo’t ibinigay sa opisina.”

Sumang-ayon siya kaagad, lihim na nanalangin na sana ay nakita nga at naibigay ng konduktor ang wallet niya sa opisina ng bus station. Hindi lamang pera ang naroroon kundi pati ATM card niya, credit cards, checkbook at driver’s license.

Subalit wala ang bus na nasakyan ni Audrey at nakaalis na pabalik ng Manila. Wala ring ibinigay na wallet ang konduktor niyon sa opisina nila.

“Ano’ng gagawin ko ngayon? Wala akong kapera-pera,” dismayadong sabi niya.

“Yung kaibigan mo, ano ang pangalan? Saan ba ang bahay nila? Pumunta kaya tayo doon. Kilala ka

naman siguro ng mga kasambahay niya; doon ka na tumuloy,” suhestyon ni Jack.

Sinabi niya ang address pati pangalan ng mag-asawa. “Pero wala nang tao doon ngayon. ’Yung nakausap kong katulong nila’t katiwala kahapon ay paalis na rin, magbabakasyon daw sa mga magulang niya. Hindi ko naman alam kung saan iyon nakatira.”

“Wala bang kamag-anak ang mag-asawang iyon dito na nakakakilala sa iyo?”

Umiling siya. “Bagong lipat lang sila at parehong taga-Manila. Dito lang na-assign ang asawa ni Doreen.”

“What a mess!” bulalas nito, halatang naiinis.

“Hindi bale na. Salamat na lang, Mr. Montero. Puwede na ninyo akong iwan dito.”

“At ano naman ang gagawin mo, balak mo bang dito sa istasyon ng bus mamalagi ng isang linggo?”

“Bahala na. Gagawa na lang ako ng paraan.”

“Gaya ng?”

Sandaling nag-isip si Audrey. Hindi sana niya gustong tumawag sa mga magulang sa Manila upang humingi ng saklolo pero iyon na lamang ang tanging

solusyon sa kanyang problema. Puwedeng magpa-telegraphic transfer ng pera ang kanyang papa sa isang bangko roon.

“Mr. Montero, alam kong hindi mo pa ako kakilala nang lubos pero puwede bang makautang ng kaunting halaga sa iyo? Tatawagan ko lang ang papa ko,” pakiusap niya.

Napakamot ito sa ulo pero tumango rin. “Tena. Ang mabuti pa’y doon ka tumawag sa PLDT office para tahimik at magkarinigan kayong mabuti ng papa mo.”

Taos-puso ang pagpapasalamat niya. Nahihiya man ay wala na siyang magawa. Sa pagkakataong iyon, hindi pupuwedeng pairalin ang pride.

Isa sa mga katulong nila ang sumagot sa telepono.

“Rosing, ang Señorita Audrey mo ito. Gusto kong makausap si Papa; sabihin mo emergency.”

Dinig na dinig ng dalaga mula sa kabilang linya ang malakas na boses ng kanyang papa; mukhang hindi siyang gustong kausapin nito.

“Señorita, tinatanong ho ng papa ninyo kung naaksidente daw ba kayo’t nasa ospital,” tanong ng katulong.

“Hindi, pero sabihin mo sa kanyang gusto ko siyang makausap,” sagot niya, nag-uumpisa na namang mainis sa ama.

Ilang segundo lamang ay narinig na niya ang galit na boses ng ama sa kabilang linya. “Ano ang kailangan mo?”

“Papa, I lost my wallet. Nandoon lahat ang pera ko’t mga credit cards. Nabangga ang kotse ko kahapon at nasa talyer. I need your help.”

“Binangga mo na naman ang kotse mo? Kapapagawa ko pa lang niyan, ah.”

“Aksidente, eh. Tulungan mo naman ako.”

“Ang akala ko ba’y hindi ka na aasa sa akin mula nang umalis ka dito at bahala ka nang mamuhay sa sarili mo?”

“Papa, please, huwag muna tayong magtalo ngayon,” inis niyang sabi. “Tutulungan mo ba ako o hindi?” ultimatum pa niya.

“Hindi! Ano’ng ginagawa ng pinagmamayabang mong kaibigan? Sa kanya ka humingi ng tulong.”

“Wala—”

Hindi na naituloy ni Audrey ang sinasabi dahil

wala na ang ama sa linya.

“Ano raw?” salubong na tanong ni Jack pagkalabas niya ng booth.

Napakagat-labi siya; nahihiya siya at nalulungkot. Kaya pala siyang tiisin ng kanyang papa. Puwes, patutunayan niyang talagang kaya niyang mag-isa! Hinding-hindi na siya muling tatawag dito at hihingi ng tulong.

“Ayaw niya akong tulungan,” sagot niya kay Jack.

“May magulang bang makakatiis sa kanyang anak?” hindi makapaniwalang tanong nito.

“Noon ang akala ko’y wala pero mayroon pala, at ang papa ko iyon.” Puno ng hinanakit ang kanyang tinig.

“May ginawa ka sigurong hindi maganda kaya ka niya tinitikis ngayon.”

“Bago ako umalis sa amin ay nagkasagutan kami, at—”

“At naglayas ka,” dugtong nito. “Hindi ako nagtataka. Unang tingin ko pa lang sa iyo’y alam kong spoiled brat ka na.”

“Puwede ba, wala kang kaalam-alam sa buhay ko’t hindi pa tayo lubos na magkakilala kaya wala kang karapatang husgahan ako!”

“Save the speech. Halika na, magtatanghalian na’t baka nagugutom na ang mga anak ko.”

“Saan tayo pupunta?”

“Saan pa, di sa bahay ko. Doon ka muna manuluyan habang hinihintay mo ang kaibigan mo.”

“Teka muna, mayroon pa akong pupuwedeng tawagan para hingan ng tulong, mga kaibigan ko o kamag-anak.”

“Ano’ng ipambabayad mo? Uutang ka na naman sa akin?” tila naiiritang tanong nito.

“Pasensya ka na, babayaran naman kita.”

“At kung tanggihan ka ng mga tatawagan mo, di lumaki nang lumaki ang utang mo sa akin. Huwag na, sa amin ka na lang, total at isang linggo lang.”

“Sigurado kang okay lang sa iyo iyon?” paniniguro niya.

“Hindi okay sa akin pero wala akong magagawa. Kung basta na lang iiwan kita dito nang ganyan ang sitwasyon mo’y uusigin lang ako ng konsyensya ko.”

“Huwag kang mag-alala, magbabayad ako ng renta. Iyong ibabayad ko sa kuwartong tutuluyan ko sana’y sa iyo ko na lang ibibigay pagdating ng kaibigan ko.”

“Hindi ko kailangan ang pera mo. Ginagawa ko lang ito para sa ikapapanatag ng isip ko. Pero isa lang ang ipapakiusap ko sa iyo—huwag mong masyadong ilapit ang kalooban ng mga anak ko sa iyo.”

“May masama ba doon?”

“Mayroon. Obvious naman siguro sa iyong gusto ka nila kahit kahapon lang kayo nagkita.”

“Natural lang na magkaganoon dahil may hawig daw ako sa mommy nila. Siguro’y nami-miss nila ang mommy nila.”

“Kung ano man ang dahilan ay hindi sapat para kaawaan mo sila’t hayaang malapit sa iyo.”

“Pero—”

“Wala nang pero-pero, Audrey. Iyon lamang ang hihingin kong kapalit ng pagmamagandang-loob ko sa iyo.”

Hindi na siya kumibo. Dati-rati ay madali lamang para kanya ang huwag maging emotionally attached lalo na sa bata subalit sa pagkakataong iyon, kung

kina Mara at Gregggy, parang napakahirap gawin.

“Siyanga pala, kapisan namin ang biyenan kong babae. Medyo may pagka-disciplinarian iyon at suplada.”

“Ano naman ang gusto mong gawin ko para sa kanya?” sarkastikong tanong niya.

“Wala, basta magpakatao ka lang at makisama.”

“Iyon lang?”

Ngumisi ito, dama ang pasimpleng panunuya niya. “Kung iniisip mong madali ang pinapakiusap ko sa iyo’y nagkakamali ka. Mahirap iyon lalo na sa katulad mong spoiled brat.”

Nainsulto man, hindi na siya nakipagtalos pa. Wala siyang choice, saloob niya. Kaysa naman matulog siya sa lansangan o sa bus station at magutom dahil wala siyang kapera-pera, titiisin na niya ang offer nito.

3

Inaasahan ni Audrey na tulad ng karamihan sa bayan na iyon, lumang bahay ang daratnan niya. Hindi siya nagkamali, at kagaya rin ng inaasahan, pulos mga antiques ang kagamitan doon mula sa piano, ceiling fan, mga ilawan, salamin, hanggang sa mga lamesa at upuan. Luma na ang bahay, subalit halatang ubod ng tibay at alagang-alaga; makintab ang sahig at lahat ng gamit ay nasa ayos.

“Tita, halika! Dito ang kuwarto mo, katabi ng sa akin,” excited na aya ni Mara sa dalaga.

“At katapat ng sa akin,” masayang sabat naman ni Greggy.

“Sino ka?”

Sabay-sabay na napalingon ang tatlo sa matandang babae na lumabas mula sa isang kuwarto. Halatang saglit na natigilan ito nang makita siya pero kaagad ding sumimangot, sabay taas ng kilay. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa na parang sinusuma ang kanyang buong katauhan.

Bigla siyang kinabahan. Mukhang matapang at aristokrata nga ang matandang babae. Sa hitsura,

ayos at pananamit ay para isa itong dugong bughaw na hindi puwedeng lapitan na lamang basta-basta ng kahit sino.

“Bingi ka ba’t pipi? Tinatanong ko kung sino ka, at bakit mo kasama ang mga apo ko?” tanong muli ng matandang babae.

Lumapit kaagad dito sina Mara at Greggy, humalik sa kamay nito bilang pagbibigay-galang. “Siya po si Audrey, Lola. Bisita natin,” magalang na sagot ni Mara ngunit halatang malaki ang pangingilag sa abuela.

“Nasaan ang daddy ninyo?” tanong nito.

“Nandito ako, Mama,” sagot ni Jack habang palapit sa biyenan; humalik din ito at nagbigay-galang sa matanda.

“Wala kang nababanggit sa aking may bisita kang darating.”

“Saka ko na ipapaliwanag sa inyo ang lahat. Gusto ko munang ipakilala sa inyo si Audrey. Audrey, ang aking Mama, ina ng nasira kong asawa na si Millette,” pormal na pagpapakilala nito sa dalawang babae.

“Magandang umaga po,” bati niya.

“Tanghalian na’t kanina pa nakahanda ang hapag-kainan. Magsipaghanda na kayo at kakain na tayo,” saad lamang ng matandang babae at saka tumalikod, hindi pinansin ang bati niya.

“Halika na, Tita Audrey, ipapakita ko na sa iyo ang silid mo,” muling aya ni Mara sa kanya.

Tumingin muna siya kay Jack, humihingi ng permiso rito.

Tumango ito. “Hihintayin ko na lang kayo sa komedor. Huwag sana kayong magtagal at ayaw ni Mama na pinaghihintay ang grasya,” bilin nito at inalalayan ang anak na lalaki papunta sa komedor.

Ano ba itong napasok kong sitwasyon? Talaga yatang pinaparusahan ako, sa isip-isip lni Audrey habang sumusunod siya kay Mara. Kung di lamang talagang wala na siyang mapupuntahan ay hindi siya titigil sa bahay na iyon.

Malaki at maluwang ang kuwartong pinasok nila. Tulad ng buong kabahayan ay ayos na ayos iyon at pulos antiques din ang mga kagamitan. Ang tanging maituturing na makabago ay ang air-conditioning unit doon.

“Ano ang pangalan ng lola mo, Mara?” tanong niya.

“Teodora Villadolid ang buo niyang pangalan pero lahat ng mga kakilala nami’y ‘Señora Teodora’ ang tawag sa kanya.”

“Mukhang napaka-strict niya’t ubod ng tapang.”

Ngumiti lamang at hindi kumibo si Mara. Naisip niyang talagang malaki ang takot nito sa abuela.

Matapos maibaba ang bag niya ay nagtungo na sila ng bata sa komedor. Nakaupo na sa harap ng hapag-kainan ang lahat. Si Greggy ay tahimik lamang sa kinauupuan nito samantalang sina Señora Teodora at Jack ay napatigil sa pag-uusap nang dumating sina Audrey at Mara.

“Naghugas ka na ba ng kamay mo, Mara?” tanong ni Señora Teodora sa apo.

“Hindi pa po, Lola.”

“Sige na, Hija, maghugas ka na muna’t hihintayin ka namin,” utos nito bago ibinaling ang tingin kay Audrey. “Maupo ka na, Miss Zarco, o baka naman gusto mo ring maghugas ng kamay.”

“Malinis po ang kamay ko,” sagot niya bago naupo sa right side ni Jack na nasa kabisera.

Hindi siya magpapa-intimidate sa aristokratang matanda, pasya niya. Bisita siya roon, at dapat lang

na pakitaan siya ng kagandahang-asal at respeto nito.

Biglang natahimik ang señora; si Jack ay uminom na lamang ng tubig at iniwasang mag-comment. Pagbalik ni Mara at pagkaupo, nanguna si Jack sa pagdarasal bilang pasasalamat sa grasyang nakahain sa kanilang hapag.

Noon lamang tiningnan ni Audrey si Señora Teodora na kaharap niya. Hindi ito nagdarasal kundi walang kurap na nakatitig lamang sa kanya. Umandar ang kapilyahan, nginitian niya ito nang ubod-tamis. Kaagad nitong iniwas ang paningin.

Ironically, marami siyang nakain at hindi lamang dahil gutom na talaga siya kundi dahil na rin sa napakasarap ng pagkain.

“Tita, fruit cocktail,” alok ni Mara.

“Salamat pero busog na ako,” nakangiting tanggi niya.

“Mabuti naman. Ang ibig sabihi’y nagustuhan mo ang pagkain namin,” masayang sabi ng bata.

“Oo, napakasarap. Mahusay ang tagapagluto ninyo.”

“Narinig po ba ninyo iyon, Lola? Mahusay daw kayong magluto,” baling ni Mara sa abuela.

“Siyanga po ba, Señora Teodora, kayo ang nagluto?” tanong niya.

“Ako nga,” pormal na sagot ng matandang babae.

“Napakasarap po,” puri niya nang walang halong pambobola. “Nami-miss ko tuloy ang mama ko; mahusay din siyang magluto,”

“At ikaw, mahusay ka din ba?”

Bahagya siyang natawa at umiling. “Ang alam ko lang po’y kumain ng mga naluto na niya.”

“Hindi ka niya tinuturuan?”

“Tuwing sinusubukan ko po siyang tulungan ay itinataboy niya ako’t panggulo lang daw ako sa kanya.”

“Bakit naman?”

“Dahil madalas po’y nakakatuwaan kong laruin ang paghihiwa ng mga rekado; nilalagyan ko ng arte at kung anu-anong shape,” natatawang sagot niya.

“Ganyan din si Millette, ang anak ko. Mahilig lamang siyang manggulo sa pagluluto pero kahit kailan ay hindi natuto.”

Natigilan si Audrey. Hindi niya sinasadyang bigyan ng kalungkutan ang matandang babae pero

tila iyon ang nagawa niya dahil tumayo na ito at lumabas sa kusina.

Napatingin siya kay Jack. Nakatingin din ito sa kanya pero hindi ito kumibo. Tumayo lang ito at nagbigay-paumahin, saka tinungo ang sala upang magbasa ng diyaryo.

“Huwag kang mag-alala, Tita. Ganoon talaga si Lola tuwing naaalala si Mommy, hanggang ngayo’y nalulungkot,” saad ni Mara.

“Ikaw, ano’ng natatandaan mo tungkol sa mommy mo?”

“Wala. Dalawang taon pa lang ako nang mamatay si Mommy at si Greggy naman ay isang taon.”

“Ganoon na katagal? Ang akala ko’y...”

“Ano?”

Umiling siya. “Wala. Ang akala ko’y ilang buwan pa lamang ang lumilipas nang mawala ang mommy ninyo.”

“Hindi, matagal na,” sabat ni Greggy habang panay ang kain sa fruit cocktail na tinanggihan niya kanina. “Sabi nga ni Lola, panahon na para mag-asawa ulit si Daddy. Kaya naghahanap kami ng magiging mommy namin,” dagdag pa nito, sabay

ngiti sa kanya.

Nginitian din lamang niya ang batang lalaki at hindi na kumibo. *Naghahanap ng mommy?* Hindi yata niya gusto ang tinutumbok nito.

“Kung tapos na kayo ay ligpitin na ninyo iyang mga pinagkainan natin. Wala tayong katulong, alalahanin ninyo,” mataray na utos ni Señora Teodora na kalalabas lamang mula sa kusina.

“Sige na, Greggy, kami na ni Mara ang bahala dito. Puntahan mo ang daddy mo sa sala,” sabi niya habang patayo mula sa kinauupuan.

“Ako na lang, Tita, kaya ko naman mag-isa,” ani Mara.

“Hindi, tutulungan kita,” she insisted.

Naghuhugas na sa kusina si Señora Teodora nang ilabas nila ang mga pinagkainan. Bahagyang nailang si Audrey nang makita ito. Ayos at kilos doña ito pero naghuhugas ng mga kaldero. Malaki ang bahay, pulos mamahalin ang mga gamit, kahit hindi tanungin ay natitiyak niyang mayaman si Jack pero bakit ni isang katulong ay wala sila?

“Magmula noon hanggang ngayon, ako ang tinuring na reyna sa kusinang ito, at kahit na mag-

asawang muli si Jack, ako pa rin ang magrereyna dito,” pormal na sabi ni Señora Teodora, hindi bumabaling sa kanya at patuloy pa rin sa ginagawa.

Napataas ang kilay ni Audrey. Siya ba ang kinakausap nito o talagang mahilig lamang magsalita nang nag-iisa?

“Ang mga apo ko’t si Jack ang naglilinis at nag-aayos ng buong bahay pati na sa hardin. Doon ay hindi ko sila pinakikialaman,” patuloy nito.

Ano ba ang pinagsasabi nito? sa isip-isip niya at napatingin kay Mara. Ngingiti-ngiti lang at pasulyap-sulyap sa kanya ang batang babae habang panay ang abot sa mga gamit na nahugasan na ng abuela at inilalagay iyon sa dish rack.

Matapos maisagawa ang lahat ng pagliligpit at paghuhugas ay pumasok na sa sala sina Audrey at Mara. Nagbabasa pa rin ng diyaryo si Jack, samantalang si Greggy naman ay nanonood ng television. Si Señora Teodora ay pumasok ng silid at nang lumabas ay dala na nito ang gamit panggantsilyo. Naupo ito sa rocking chair sa tabi ng bintana at inumpisahan ang panggagantsilyo.

“Tama na ang panonood ng TV, Greggy. Oras na para gawin ninyo ang mga homeworks ninyo,” utos

ni Jack.

“Dad, ayoko munang pumasok. Tinutukso ako sa eskuwela, eh,” sabi ng batang lalaki.

“Bakit mo papansinin ang mga panunukso sa iyo, ang importante’y wala kang nami-miss na lesson,” sabi ni Mara na tumabi sa kanya sa sofa.

“Paanong hindi ko papansinin iyon, hindi naman ako bingi para hindi marinig ang tukso nila,” katuwiran ni Greggy.

“Pero hindi ka takot sa kanila, di ba? Kaya mong ipagtanggol ang sarili mo,” sabat ni Audrey. Bigla siyang natigilan nang parehong napatingin sa kanya sina Jack at Señora Teodora, halatang kapwa hindi sang-ayon sa kanyang sinabi. Subalit hindi siya nagpasindak. “Kapag ipinakita mo sa kanilang napipikon ka, lalong hindi ka nila titigilan,” dagdag pa niya.

“Ano naman ang gusto mong gawin ko, Tita, makipag-away?”

“Aba, hindi. Kapag ginawa mo iyon ay mas lalo silang matutuwa. Talo ka na’y masasaktan ka pa.”

“Ano nga ang gagawin ko?” tanong ulit ni Greggy, lumapit na sa kanya at naupo sa tabi niya.

“Madali lang. Huwag mo silang kokontra hin instead ay makisali ka sa pagbibiro nila sa iyo.”

“Ha? Aaminin kong lampa ako at tatanga-tanga kaya nadapa ako sa pagba-basketball namin?”

Natawa siya at inakbayan ito. “Hindi ka naman lampa, Greggy, kaya hindi totoo iyon. Bakit ka ba nadapa?”

“Sinubukan ko kasing mag-lay up tulad ni Michael Jordan. Nagawa ko naman kaya lang napasama ang bagsak ko.”

“Inilabas mo ba ang dila mo nang mag-lay up ka?” tanong niya.

Parehong napakunot-noo ang magkapatid pagkuwa’y umiling si Greggy.

“Hayun naman pala, nakalimutan mong ilabas ang dila mo tulad ni Michael Jordan. Nandoon ’yung sekreto n’on,” sabi niya, sabay gaya sa hitsura ng sikat na basketball player.

Sabay na natawa sina Mara at Greggy at bahagyang napangiti si Señora Teodora samantalang si Jack ay napailing-iling bago muling nagbalik sa pagbabasa ng diyaryo.

“Alam mo, Greggy, paminsan-minsan ay kailangan

mong sumakay sa mga biro sa iyo ng kapwa mo. Titigilan ka na nila, pare-pareho pa kayong masaya at mananatiling magkakaibigan,” payo niya.

“Hayaan mo, Tita, mula ngayo’y hindi na ako magiging pikon.”

“O sige na, gawin na ninyo ang homework ninyo. Pero huwag kayong magpapaturo sa akin sa Math, ha, mahina ako doon, eh,” biro pa niya.

Sumunod naman kaagad ang dalawang bata. Mas hirap si Mara sa mga homeworks nito kaya ito ang tinulungan ni Audrey. Tulad niya ay paborito ng batang babae ang leksyon sa agham. Kaya nga noong college ay BS Biology major in Medical Research ang tinapos niyang kurso. Gusto niyang makatulong sa pagsisiyasat ng mga panlunas sa mga sakit na tila imposibleng gamutin.

Dalawang oras ang lumipas. Maaga pa ay pumasok na ng silid si Señora Teodora upang magpahinga na. Sina Gregggy at Mara ay ganoon din ang ginawa nang tapos nang lahat ang homeworks nila.

“Are you trying to impress me?” tanong ni Jack sa dalaga nang silang dalawa na lamang ang nasa sala.

Napahinto siya sa pagliligpit ng mga naiwang

kalat na papel ng dalawang bata sa table. “What did you say?” pabaling na tanong niya.

Tumayo ito mula sa kinauupuan at lumapit sa kanya. “Ang akala mo ba’y hindi ko napapansin na una pa lamang na pagkakakilala nati’y panay na ang pa-charming mo sa akin?”

Audrey found the statement amusing. Naghalukipkip siya at ngumiti. “Really? And here I thought na manhid ka, hindi pala,” aniya, ngunit saloob ay determinadong huwag paapekto sa sinabi nito. Tulad ng ipinayo kay Gregggy, sasakyan na lang niya ang panunuya at pambubuska sa kanya ng lalaki para tumigil na ito.

“Ngayon pa lang ay sinasabi ko nang tigilan mo na dahil hindi ka magtatagumpay. Hindi ikaw ang tipo kong babae.”

“Oh, come on, Jack, alam mong nagsisinungaling ka; masama iyon,” ngingisi-ngisi pang sabi niya.

Kitang-kita niya ang pagtiim-bagang nito at saka siya tinitigan. Lumaban naman siya ng pakikipagtitigan dito. She even moved closer and stared at him without blinking her eyes.

“Binabalaan kita, Audrey, nagkasundo na tayong hindi mo hahayaang mapalapit nang husto ang

kalooban ng mga anak ko sa iyo.”

“At kapag hindi ako tumupad sa kasunduan na iyon, ano’ng gagawin mo?” hamon niya.

“Believe me, you wouldn’t want to know. Pero tinitiyak ko sa iyong ako ang mas higit na maliligayahan sa gagawin ko, hindi ikaw,” sagot ni Jack. Ito naman ang ngumisi nang makahulugan bago siya tinalikuran at lumabas ng bahay.